# « Panimula »

**— Para sa mga dayuhang kararating lamang sa Japan upang magtrabaho —**

Maligayang pagdating sa Aichi Prefecture! Marahil ay nasasabik ka sa iyong mga pangarap, pagnanais at kinabukasan sa pamumuhay dito sa Japan. Sa kabilang banda, maaaring makaramdam ng pagkalungkot at pagkalito tungkol sa pamumuhay sa bansa na may iba't ibang kultura, kaugalian, at mga patakaran.

Mayroong iba't ibang kultura, mga tuntunin sa trabaho at pamumuhay sa Japan kung ikukumpara sa iyong bansa. Kahit na nag-aral ka bago dumating dito, maraming mga bagay na hindi mo maiintindihan hangga't hindi ka talaga nagtrabaho o namuhay sa Japan.

Ikinalulugod namin kayong makatrabaho at makasama. Sa kadahilanang iyon, mahalaga para sa aming mga Hapon na makilala at malaman ang ating mga pagkakaiba. At pagdating mo sa Japan, mahalaga na masanay sa lokal na pamumuhay at malaman ang mga panuntunan ng kumpanya sa lalong madaling panahon.

Nais naming makasanayan ninyo agad ang buhay sa Japan, makipag-ugnayan sa maraming tao, at magustuhan ang Aichi Prefecture. Kapag nakarating na sa Japan, ang materyal na ito ay naglalaman ng mga pangunahing bagay na dapat mong malaman, mga patakaran sa trabaho at buhay upang maging masaya ang iyong pamamalagi sa Japan.

Sumusuporta kami upang matamasa ninyo ang inyong mga pangarap at mga pagnanais sa buhay! Magtrabaho sa Aichi Prefecture nang may kagalakan at kaginhawahan.

## ≪ Mga marka at simbolo sa teksto ≫



・・・ Ipinapakita nito na may video na mapapanood upang mas lalong maintindihan ang nais na iturong paksa

Isang Paalala


・・・ 「ひとことアドバイス」HITOKOTO ADOBAISU/ Isang Paalala
Simbolo ng Aichi Multicultural

< NIHONGO Gamitin Natin!>



・・・ 「つかってみよう！にほんご」
TSUKATTE MIYOU! NIHONGO/ NIHONGO Gamitin Natin!
Inirerekomendang mga Japanese Expression na nauugnay sa bawat kabanata

## « Mga taong nasa site »



| Mr. Htin | Ms. Thao | Mr. Yamada | Mr. Nguyen |
|---|---|---|---|
| 21 taong gulang | 25 taong gulang | 45 taong gulang | 32 taong gulang |
| Bagong batting empleyado | Matatag na datihang empleyado | Factory Manager/ Plant Manager | May asawa at anak |